# Si Tata Teroy At Ang Lawa

Isinulat/Iginuhit nina:
**Maricar Castillo**
**Justine Mae Dela Cruz**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**


Sa baryo ng Belbel, makikita ang malawak na lawa kung saan nakatira ang pamilya ng mangingisdang si Tata Teroy.

Dahil sa malinis na tubig ng lawa, marami ring isda ang naninirahan dito kaya marami laging huli si Tata Teroy.

Dumating ang kamag-anakan ni Tata Teroy mula sa ibang bayan. "Tata Teroy, kakakasal ko lamang po. Maaari ko bang dalhin dito ang pamilya ko pansamandali para naman malapit kami sa inyo?" pakiusap ng kamag-anak.

"Oo naman," sagot ni Tata Teroy. Mainam nga iyon at makakasama namin kayo," dagdag pa ni Tata Teroy.

Sa paglipas ng panahon unti-unting dumami ang naninirahan sa paligid ng lawa. Napuno ng bahay ang lugar at napuno ng basura ang lawa.



Ang isang kamag-anak ay dumami pa ng dumami hanggang hindi na sila magkakakilala sa paligid ng lawa.

Walang pakialam na nagtatapon ang mga tao sa lawa ng kanilang mga basura. Inakala nilang ang maglilinis ng kanilang basura ay ang kalikasan.

"Huwag naman kayong nagtatapon ng kung ano-ano sa lawa," minsang nawika ni Tata Teroy. Pero hindi siya pinansin ng mga tao.

Unti-unting nabawasan at nawala ang huli ni Tata Teroy.

Isang gabi, nagkaroon ng malakas na pag-ulan na nagdulot ng malaking pagbaha. Tinangay ang mga bahay at mga basura sa lawa. Bumalik sa lupa ang itinapong basura ng mga tao.

Nagkasakit ang mga tao dulot ng maruming kapaligiran, kasama na ang pamilya ni Tata Teroy.

Isang umaga, paggising nila, nakita nilang ang lawa ay karugtong na ng malawak na dagat.

Nang tanawin ni Tata Teroy ang malawak na dagat, nalula ito sa lawak ng kabuhayang nasa kanyang harapan. Hindi na ito isang lawa, isa na itong karagatan.

